LALAWIGAN NG BULACAN
1578
SAGISAG

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
LUNGSOD NG MALOLOS

# TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

DepEd - SDO of Bulacan
RECEIVED
MAR 11 2026
BY:

Marso 05, 2026

PPDO
PROVINCIAL GOVERNMENT
OF BULACAN
RELEASED
DATE: 3-11-26
CONTROL NO.: 2026-03-171

**MEMORANDUM: DRF – 03052026-** 114

Reproduction No. 033 s. 2026
For dissemination and compliance.
CECILIA E. VALDERAMA, PhD, CESO VI
Schools Division Superintendent

**PARA SA :**
**PUNONG BAYAN/LUNGSOD**
**PANGALAWANG PUNONG BAYAN/LUNGSOD**
**KASAPI NG SANGGUNIANG PANLALAWIGAN**
**PUNONG BARANGAY**
**NON-GOVERNMENT ORGANIZATIONS (NGOs)**
**PEOPLE'S ORGANIZATIONS (POs)**
**RELIGIOUS ORGANIZATIONS**
**COLLEGES AND UNIVERSITIES**
**BUSINESS SECTOR**
**PINUNO NG NATIONAL GOVERNMENT AGENCIES**
**PINUNO NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN**
**SCHOOL DISTRICT SUPERINTENDENT**

**PAKSA : NOMINASYON PARA SA DANGAL NG LIPI 2026**

---

Ang Buwan ng Bulacan ay muli nating ipagdiriwang sa darating na Setyembre 2026 kaalinsabay ang pagkakaloob ng Dangal ng Lipi, ang pinakamataas na parangal na iginagawad ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa mga natatanging anak ng Bulacan na nagtagumpay sa kanilang larangan.

Dahil dito, magalang naming hinihiling na kayo ay makapagsumite ng nominasyon para sa mga inaakala ninyong karapat-dapat magawaran ng parangal na ito. Gayundin, aming hinihiling na kami ay inyong matulungan sa pangangalap ng mga nominasyon. Lakip nito ang *primer* ng programa para sa inyong gabay at ang *nomination forms* na sasagutan ng mga sponsors o kalahok.

Inaasahan na maipararating ang inyong nominasyon sa o bago dumating ang ika-31 ng Mayo, 2026, sa Kalihiman ng Dangal ng Lipi, *Provincial Planning and Development Office*, Ikatlong Palapag, Gusali ng Kapitolyo, Lungsod ng Malolos, Bulacan. Para sa iba pang karagdagang kaalaman, mangyaring makipag-ugnayan kay Inh. Renee Lee S. Mariano o Gng. Eleida Thea C. Caingay sa telepono bilang (044) 791-8176 o (044) 791-8177.

Umaasa kami sa inyong pakikiisa na siyang magbibigay katuparan sa mahalagang gawaing ito.

**DANIEL R. FERNANDO**
Punong Lalawigan

DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
MAR 11 2026
By:
Time: 4:30pm

3F Capitol Building, Antonio S. Bautista
Bulacan Provincial Capitol Compound,
City of Malolos, Bulacan 3000
TELEPHONE: +(63) 44 791 8176 / 8178
EMAIL: ppdo@bulacan.gov.ph

Ang pagkakaloob ng natatanging pagkilala at pagpapahalaga sa taunang pagpili ng Dangal ng Lipi ay pagpapatunay lamang na ang lalawigan ay hitik sa mga mamamayang mahuhusay, matatalino, masisipag at mapagpunyagi.

Ang pagpili at paggawad ng karangalan sa mga pangunahing Bulakenyo ay sinimulan noong 1974 at tinawag na Natatanging Bulakenyo Award.

Bilang pagkilala sa isang maganda at makabuluhang tradisyon, ang pagbibigay ng parangal ay ipinagpapatuloy hanggang ngayon sa pangunguna ni Gob. Daniel R. Fernando. Ang parangal ay tinaguriang “Gawad Dangal ng Lipi”, ang pinakamataas na karangalang ipinagkakaloob ng Pamahalaang Panlalawigan sa natatanging anak ng Bulacan na nagtagumpay sa kani-kanilang larangan. Ito ang isa sa pinakatampok na gawain sa taunang pagdiriwang ng “Linggo ng Bulacan”.

Huling araw ng pagsusumite ng Nominasyon: Mayo 31, 2026.
Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Kalihiman ng Dangal ng Lipi -Panlalawigang Tanggapan sa Pagpaplano at Pagpapaunlad (PPDO), Ikatlong Palapag, Gusaling Kapitolyo, Lungsod ng Malolos.
Telepono bilang (044)791-8176 o (044)791-8177.

# DANGAL NG LIPI

**“Isang Natatanging Pagkilala, Pagpapahalaga at Pagpaparangal sa mga Dakilang Bulakenyo”**



## 1. SINO ANG MAARING MAGING KALAHOK?

Kailangang ipinanganak at naninirahan ng hindi bababa sa limang (5) taon sa Bulacan; o

Ang mga magulang ay Bulakenyo: kung hindi man, ang ama o ina ay Bulakenyo at nanirahan ng hindi bababa sa limang (5) taon sa Bulacan; o

Kung asawa ng isang Bulakenyo, siya ay kailangang nakapanirahan ng hindi kukulangin sa sampung (10) taon sa Bulacan;o

Kung walang dugong Bulakenyo, siya ay kailangang may sampung (10) taon nang naninirahan sa Bulacan;at,

May natatanging nagawa, napatanyag sa larangang kanyang kinabibilangan at nakatulong sa pagbunsod ng kaunlaran sa lalawigan.

## 2. PAANO ANG PAGLAHOK?

Ang nominasyon ay kailangang alinsunod sa Dangal ng Lipi Nomination Form.

Ang magpapasok ng lahok (sponsor) ay kailangang banggitin ang mga karanasan, ginampanang tungkulin, mga posisyong hinawakan, antas ng edukasyong narating at natatanging nagawa ng ipinasok na lahok.

Ang sipi (photo copy)ng katibayan ng pagkilala, mga karangalang nakamit, mga dinaluhang pagsasanay, at iba pa ay kailangang ilakip sa isusumiteng dokumento.

Kailangang maipaliwanag ng sponsor kung papaanong ang nagawa ng kanyang ipinasok na lahok ay nakatulong sa nakararami o sa pag-unlad partikular sa lalawigan ng Bulacan.

Ang orihinal na kopya ng form, kalakip ang dalawang (2) may kulay na larawan ng kalahok na may sukat na 3.5cm x 4.5cm (Passport Size) ay kailangang isumite sa o bago dumating ang ika-31 ng Mayo sa kalihiman ng Dangal ng Lipi, Panlalawigang Tanggapan sa Pagpaplano at Pagpapaunlad (PPDO), Ikatlong Palapag, Gusali ng Kapitolyo, Lungsodng Malolos.

## 3. SINO ANG MAAARING MAGPASOK NG LAHOK?

Ang sinumang mamamayan, grupo o samahan ay maaaring magpasok ng lahok.

## MGA KATEGORYA NG PARANGAL

1. **PAGLILINGKOD BAYAN (Public Service)**
   Nakapaglingkod o kasalukuyang naglilingkod sa pamahalaan, maaaring halal o hinirang
2. **PROPESYUNAL (Professional)**
   Board o bar passers na nangibabaw sa kanilang larangan
3. **PAGLILINGKOD PAMPAMAYANAN (Community Service)**
   Pribadong mamamayan na naglilingkod sa pamayanan
4. **ENTREPRENOR (Entrepreneur)**
   Negosyante / mangangalakal na nagmula sa maliit na estado at umunlad na nagbigay daan upang maging magtagumpay sa kanyang larangan
5. **EDUKASYON (Education)**
   Guro, tagapangasiwa, superbisor, punong guro, non-practitioner na may malaking naging ambag sa pagsulong ng edukasyon
6. **AGHAM AT TEKNOLOHIYA (Science and Technology)**
   Sino mang mamamayan na may kaugnayan sa agham at teknolohiya, propesyonal man o hindi
7. **SINING AT KULTURA (Arts and Culture)**
   Katangi-tanging alagad ng sining na tuwirang may paglahok o kaya'y nagtataguyod sa pitong disiplina ng sining: drama, sining biswal ( pagpipinta at iskultura), arkitektura, literatura, pelikula at potograpiya, sayaw at musika, gayundin sa mga pamanang kalinangan ng lahi
8. **PANGANGALAKALAT INDUSTRIYA (Trade and Industry)**
   Mangangalakal na nagbigay ng malaking ambag sa pagpapaunlad ng negosyo at kalakalan sa lalawigan at naging tanyag sa loob at labas ng bansa
9. **PANGKALUSUGAN (Health)**
   Doktor, nars, kumadrona, dentista at ano mang propesyon na may kaugnayan sa larangan ng kalusugan, pribadong mamamayan man o naglilingkod sa pamahalaan
10. **AGRIKULTURA (Agriculture)**
    Pribadong mamamayan man o naglilingkod sa pamahalaan na may kaugnayan sa larangan ng agrikultura, propesyonal man o hindi
11. **ISPORTS (Sports)**
    Atleta, coaches, referees, umpires, commissioners at iba pang may kaugnayan sa larangan ng palakasan, aktibo man o hindi
12. **BULAKENYO EXPATRIATE**
    Nasa ibang bansa o balikbayan na nangingibabaw sa anumang kategoryang nabanggit na patuloy na tumutulong sa kanyang mga kababayan hindi lamang dito kundi sa bansang kanyang napiling tirahan
13. **NATATANGING BULAKENYO (Highest Award)**
    Sino mang kalahok na nangibabaw sa ano mang kategoryang nabanggit. Mayroong napakahusay at katangi-tanging nagawa.

Management System ISO 9001:2015
TÜVRheinland CERTIFIED
www.tuv.com ID 0105086300

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
LUNGSOD NG MALOLOS

3.5cm x 4.5cm
(Passport Size)

# GAWAD DANGAL NG LIPI

## NOMINATIONFORM

*Mangyari pong sagutan ng limbag at kumpleto ang mga katanungan. Gumamit po ng karagdagang papel kung kinakailangan.*

**KATEGORYANGNILALAHUKAN:**

Pangalan ng Kalahok: ______________________________

Tirahan: ____________ Blg ng bahay at kalye | ____________ Purok | ____________ Barangay

____________ Bayan | ____________ Lungsod | ____________ Probinsiya

Petsa ng Kapanganakan: ______________ Lugar ng Kapanganakan: ______________

Edad: ______ Katayuang sibil: ______________ Telepono Bilang: ______________

Bilang ng taon ng naninirahan sa Bulacan: ________ Kasalukuyang hanapbuhay: ______________

Pangalan at lugar ng pinagtratrabahuhan: ______________________________

______________ Telepono Bilang: ________

Pangalan ng Ama: ______________ Pangalan ng Ina: ______________

Lugar ng Kapanganakan: ______________ Lugar ng Kapanganakan: ______________

Pangalan ng asawa: ______________________________ Edad: ________

**MGA ANAK**

| PANGALAN | EDAD | HANAPBUHAY |
|---|---|---|
| | | |
| | | |

**MGA NATAMONG KARANGALAN (AWARD, CITATION, RECOGNITION AT PARTICIPATION)**

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

**ANTAS NG EDUKASYON**

| ANTAS | PAARALANGPINASUKAN | KURSO | TAONG NAKATAPOS |
|---|---|---|---|
| Elementarya | | | |
| Sekondarya | | | |
| Kolehiyo | | | |
| Masteral | | | |
| Doktoral | | | |
| Bokasyonal | | | |
| Iba pa | | | |
| | | | |

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN**
LUNGSOD NG MALOLOS

## MGA DINALUHANG PAGSASANAY

| PAGSASANAY | PETSA AT LUGAR | NAG-SPONSOR |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

## ORGANISASYONG KINABIBILANGAN (SAMAHANG SIBIKO, PANGRELIHIYON AT PAMPAMAYANAN)

| PANGALAN NG SAMAHAN | POSISYON | PETSA NG PANUNUNGKULAN |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

## ENVIRONMENT RELATED ACTIVITIES

| PANGALAN NG SAMAHAN | PETSA AT LUGAR | DESCRIPTION |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

## MGA NATATANGING NAGAWA

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

## PARA SA NAGPASOK NG LAHOK (SPONSOR)

*Pakilakipan po ng mga kaukulang dokumento. Hindi po bibigyang halaga ang inyong lahok kung walang kalakip na kaukulang dokumento at kung hindi kumpleto ang kanyang datos.*

**Bakit karapat-dapat na mapali bilang isang Dangal ng Lipi ang inyong kalahok?**(*sagutin po lamang sa hiwalay na papel*)

Pangalan ng isponsor:____________________________

Tirahan:____________________ Telepono Bilang:__________

Hanabuhay:____________________ Telepono Bilang:__________

Pangalan at Lugar ng pinagtratrabahuhan:____________________________

____________________ ____________________
*Petsa ng pagsumite* *Lagda ng isponsor*

Mangyari po lamang na isumite ito sa Panlalawigang Tanggapan sa Pagpaplano at Pagpapaunlad (*Provincial Planning and Development Office*), Kalihiman ng Dangal ng Lipi, Ikatlong Palapag, Gusali ng Kapitolyo, Lungsod ng Malolos sa o bago dumating ang ika-31 ng Mayo. Sa iba pang karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay Gng. Eleida Thea C. Caingay o kay Inh. Renee Lee S. Mariano sa telepono bilang (044)791-8176/(044)791-8177.

Data Privacy Notice: *"Pinahahalagahan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan (PGB) ang iyong privacy at tinitiyak ang proteksyon ng iyong personal na datos alinsunod sa RA 10173 (Data Privacy Act of 2012). Ang nakolektang impormasyon ay ipoproseso lamang para sa programang Dangal ng Lipi, itatago nang naaayon sa pangangailangan, at ligtas na itatapon kung kailangan. Sa pamamagitan ng paglagda sa nomination form na ito, ikaw ay nagbibigay ng pahintulot sa pangongolekta at pagproseso ng mga datos (sponsor and nominee) ayon sa aming Privacy Policy. Para sa mga katanungan, makipag-ugnayan sa aming Data Protection Officer sa Telepono Bilang 044-791-8156."*



